

## PRIMER OUTLINE

- I. **Biography**
  - A. **Paragraph form**
  - B. **Resume-type**
- II. **Platform**
- III. **Stances**

## BIOGRAPHY

### Leodigario “Ka Leody” De Guzman

#ManggagawaNaman #LeodyPetmalu

Ipinanganak ako noong Hulyo 25, 1959 sa bayan ng **Naujan, Oriental Mindoro**, pang-7 sa 13 na anak ng mag-asawang magsasakang sina Lorenzo De Guzman at Dolores Quintain.

Noong Marso 1976, **dalawang araw matapos maka-graduate ng hayskul, agad akong namasukan bilang manggagawa** sa Aris Phils Inc., isang pabrika sa Pasig na gumagawa ng leather gloves pang-export.

**Dala ng hirap ng buhay, dalawa lang sa aming magkakapatid ang nakapagtapos ng kolehiyo.** Ang sinundan ko ay nakatapos ng kursong Nursing sa Arellano University. Ninais kong maiangat ang kalagayan ng aking pamilya kaya naman **pinagsabay ko ang pagtatrabaho sa pabrika at pag-aaral ng kolehiyo** hanggang makapagtapos ako ng kursong Bachelor of Science in Customs Administration sa PMI Colleges noong Oktubre 1983.

Ilang buwan bago ang aking pagtatapos mula sa kolehiyo, nagimbal ang buong bansa **sa pagpaslang kay Ninoy Aquino** pagdating niya sa airport galing Amerika. Araw-araw mula noong kaganapang iyon, **tila bulkang sumasabog ang poot ng mga mamamayang matagal nang nagtitiis sa ilalim ng diktadura ni Marcos** at patuloy na dumadagundong ang samu’t saring mga kilos-protesta sa lahat ng panig ng Metro Manila laban sa mapang-abusong rehimen.

Marami pang trabahong maaaring pasukan at magbibigay ng higit pang kaginhawahan para sa akin ngunit iba ang mga landas at hangaring pinili kong tahakin. Gaya ng maraming Pilipino, **ang mga kaganapan noon ang nagmulat sa aking mga mata sa tunay na kalagayan ng ating lipunan**, dahilan upang ma-engganyo akong sumama at maging aktibo sa mga malalawak na kilusan laban sa diktadura ni Marcos.

Minsan pa nga, **tumakas ako sa trabaho kasama ang isa pang kamanggagawa at sinalubong namin ang makasaysayang martsang "Tarlac to Tarmac"** nina Butch Aquino na tumatahak noon sa kahabaan ng EDSA. Iyon ang umpisa at pangunahing dahilan ng pagbababago ng direksyon ng aking buhay. **Napuno ako ng diwang makabayan at mapanlaban** matapos kong mapakinggan ang mga talumpati nina Ka Pepe Diokno, Ka Tanny Tanada, Butch Aquino, Reli Herman at ng dating Senador Soc Rodrigo noong gabing iyon sa Ugarte Field (kilala bilang Makati Square sa kasalukuyan).

Nanatili akong manggagawa doon sa pabrika hanggang sa pamunuan ko ang koalisyong

“Justice for Aquino, Justice for All” (JAJA) dahil **kinailangan nang magkaroon ng oposisyon laban sa liderato ng unyon doon.** Higit sa aking paglilingkod bilang kaisa ng mga manggagawa sa Aris Phils. Inc., **naging organizer din ako ng koalisyong Alyansa ng mga Manggagawa sa Pasig (ALMAPAS)** mula 1984 hanggang 1990. Kinalaunan, nahirang ako bilang delegado sa pangrehiyong kongreso ng **Kilusang Mayo Uno (KMU) sa Metro Manila at nahalal bilang Regional Executive Council member** hanggang humantong sa paghihiwalay ang KMU-NCR at KMU-National.

Pumanig ako sa grupong pinamumunuan ni dating kasamang Romy Castillo; pormal niyang itinatag ang bagong sentro ng manggagawa, ang **Bukluran ng Manggagawa para sa Pagbabago (BMP)** noong Setyembre 14, 1993 at nahalal ako bilang **Deputy General Secretary** ng samahan. Matapos ang termino ni Ka Romy, nahalal ako bilang **General Secretary** sa pamumuno ni Filemon ‘Ka Popoy’ Lagman (1996-1999) at sa termino ni kasamang Victor Briz (1999-2005) **hanggang tuluyan akong nahalal bilang Pangulo noong Enero 2018.** Sa kasalukuyan, si kasamang Luke Espiritu na ang Pangulo habang ako naman ang **tumatayong Chairman ng BMP.**

**Bahagi rin ako ng Board of Trustees ng PhilRights, isang non-government organization (NGO) na nagsusulong ng karapatang pantao, at Bulig Visayas, isa ring NGO na tumutugon sa mga biktima ng mga kalamidad.** Ako rin ay kasalukuyang **country representative sa International Council ng International Center for Labor Solidarity (ICLS) at Vice President ng Asia Regional Organization of Bank, Insurance and Finance Union (AROBIFU).**

Naninirahan ako sa Cainta, Rizal kasama ang aking asawang si Marieza Tolentino at ang aking tatlong anak na sina Prolan, Lea, at Dexter.

---

### **Leodigario “Ka Leody” De Guzman**

- Pinanganak noong July 25, 1959 sa Naujan, Oriental Mindoro
- Anak ni Lorenzo De Guzman at Dolores Quintain
- Pampito sa labintatlong magkakapatid
- Naninirahan sa Cainta, Rizal
- Asawa: Marieza Tolentino
- Mga anak: Prolan, Lea, at Dexter

#### *Educational Attainment:*

- Nakapagtapos noong Oktubre 1983 ng kursong Bachelor of Science in Customs Administration sa PMI Colleges habang nagtrabaho sa Aris Phils. Inc., isang pabrika ng pang export na leather gloves.

#### *Karanasan sa pamumuno:*

- Chairperson, Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Pebrero 2018 to present
- Country representative, International Council ng International Center for Labor Solidarity (ICLS), 2012 to present
- Vice President, Asia Regional Organization of Bank, Insurance and Finance Union (AROBIFU), 2008 to present
- President, Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), 2006- 2018
- Secretary General, Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), 1996-2005
- Deputy Secretary General, Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), 1993
- Member, Regional Executive Council Kilusang Mayo Uno – NCR (KMU-NCR), 1990-1992
- Naging organisador ng Alyansa ng Manggagawa sa Pasig (ALMAPAS), 1984-1990
- Naging lider sa Aris Phils. Inc. laban sa company union, 1984
- Naging lider ng koalisyong “Justice for Aquino, Justice for All” sa lungsod ng Pasig, 1983

*Iba pang kinabibilangang organisasyon:*

- Board of Trustee, PhilRights, 2018
- Board of Trustee, Bulig Visayas, 2013 to present
- Founding Member, Partido ng Manggagawa, 2001

---

## PLATFORM

For our Filipino Workers:

- **Right to assemblies, unions and strikes** for our laborers.
- **Abolition** of contractualization in all forms.
- **Proposal of National Wage** based on the current living standards and purchasing power.
- Subsidization of displaced workers.
- **Criminalization of unjust treatment** of laborers, as well as labor rules violations.
- Fortifying and **bolstering the right to organize strikes** and **right in forming labor unions**.
- **Legislate** the formation of national line-industry unions and national industry-wide collective bargaining agreements
- Strengthening the Labor Code by removing or **minimizing its loopholes and/or flaws**.
- **Reorganization** of DOLE-NLRC, and **putting labor union representatives** to participate in the decision-making process.
- **Public housing for our workers**, especially near their jobs or on-site.
- Strengthening the mechanisms of OWWA to **ensure the welfare of our OFWs**.

Immediate Economic Relief:

- Implementation of **price control** on basic necessities. **Removing excise taxes** on fuel and petroleum. **Repeal VAT.**
- Increased budget for accessible social services for all.
- Release of coco levy funds for our coconut farmers.
- Genuine agrarian reform; build **important infrastructures** necessary for harvest and post-harvest.
- Implementation of the **six-hour workday nationwide** and enforcing all of the provisions of the **Magna Carta for Public School Teachers.**

For Economic Reforms:

- **Repeal automatic debt appropriation.** Removal/cancellation of illegitimate debts. Government **expenditures will shift from debt servicing to universal social services.**
- No to projects that will lead to privatization, liberalization or deregularization of economy.
- **Collection of unpaid corporate taxes** and **removal of tax incentives for multinational corporations.** Shift from regressive taxation to progressive taxation based on income, property and wealth.
- Create **sustainable and green jobs** to help protect our ecology and environment.
- Modernization of agriculture, national industrialization and full employment.
- **Demolition of monopolies of land and prices.** Encourage cooperative farming.

For Political Reforms

- Implement **participatory budgeting** in **all** levels of government.
- **Removal of criminal syndicates** inside the ranks of **police and armed forces**, as well as **all of the government agencies.**
- **Democratization of the Electoral system** as well as spearheading reforms. Create an **anti-dynasty law.**
- Continue the peace talks to **end the decades long armed conflict.**
- **Repeal all laws that perpetuate gender discrimination** and **promote equality** especially in their workplace.
- Putting a subject in the curriculum of Senior High School and TESDA training programs **about unionism and other related rights.**

**STANCES**

On Duterte Administration's policies

ISSUE	ANSWER
-------	--------

Withdrawal on the ICC	No
Martial Law Extension in Mindanao	No
War on Drugs	No
TRAIN Law	No
Satisfied with the administration's action regarding Chinese activities in WPS?	No

On charter change

<b>ISSUE</b>	<b>ANSWER</b>
On a possible Cha-Cha	Yes and No. Yes if it caters the people's need for reform but No under the present proposals.
Amending the 1987 Constitution	No
Federalism	No
Removal of term limits	No
Banning party-switching	Yes
Amending the economic provisions of 1987 Constitution	No
Best mode in amending the charter if ever	Constitutional Convention

On pressing concerns

<b>ISSUE</b>	<b>ANSWER</b>
Ending Contractualization	Yes
Freedom of Information	Yes
Lowering minimum age of criminal liability	No
Death Penalty	No

Divorce	Yes
Same-Sex Marriage	Yes
Banning of political dynasties	Yes
Mandatory ROTC	No
Red-Tagging	No
Resuming peace talks with NDF	Yes
Pork Barrel	No
Renewable Energy	Yes
Mining Ban	Yes
Cybercrime Law	No

**ADDITIONAL**

Bangsamoro Organic Law - Yes

Land Reform - Yes

Marcos Burial in LNMB - No

Legalization of Medical Marijuana - Yes

**PLUG**

1. Main FB
2. Main Twitter
3. Kabataan FB
4. Kabataan Twitter
5. Sign up form for volunteers
6. 23 Ka Leody sa Senado